PANTAO
(International Journal of the Humanities and Social Sciences)
Volume 5, Issue 3
ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Digital storytelling methods in teaching El Filibusterismo 10

Dr. Himeji-Ken V. Dela Peña*
Cebu Technological University-Consolacion Campus, Nangka, Consolacion, Cebu, Philippines

ABSTRACT

This study refers to the use of the Digital Storytelling Method (DSM) in teaching the novel "El Filibusterismo" by Jose Rizal to secondary school students. The purpose of the research is to explore how the Digital Storytelling Method can deepen students' understanding and appreciation of the novel's themes, characters, and context. In this study, the One Group Pre-test-Post-test Design was used in which the students underwent a pre-test and a post-test to measure their progress in knowledge. The result showed that the Digital Storytelling Method was an effective teaching method of "El Filibusterismo" because it provided a higher level of engagement and critical thinking from the students. Moreover, it was found that the use of Digital Storytelling Method opened up more opportunities for collaboration and creative expression of students. This study recommends more widespread use of the Digital Storytelling Method in the teaching of classic literature in schools.

Keywords: Digital storytelling method, El Filibusterismo, literature instruction.

Date Submitted: June 28, 2026
Date Accepted: July 20, 2026
Date Published: July 27, 2026

*Corresponding author / Email: kendelapea@gmail.com
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031354

Recommended citation:
Dela Peña, H.-K. V. (2026). Digital storytelling methods in teaching El Filibusterismo 10. Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences) 5 (3), 1634-1645. http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031354

Digital storytelling methods sa pagtuturo ng El Filibusterismo 10

Dr. Himeji-Ken V. Dela Peña
Cebu Technological University-Consolacion Campus, Nangka, Consolacion, Cebu, Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa paggamit ng Digital Storytelling Method (DSM) sa pagtuturo ng nobelang El Filibusterismo ni Jose Rizal sa mga mag-aaral ng sekundaryang paaralan. Layunin ng pananaliksik na tuklasin kung paano napalalalim ng Digital Storytelling Method ang pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa mga tema, tauhan, at konteksto ng nobela. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang One Group Pre-test-Post-test Design, kung saan isinailalim ang mga kalahok sa isang paunang pagsusulit (pre-test) at panghuling pagsusulit (post-test) upang masukat ang kanilang pag-unlad sa kaalaman.Ipinakita ng mga resulta na ang Digital Storytelling Method ay isang mabisang pamamaraang panturo sa El Filibusterismo sapagkat nagdulot ito ng mas mataas na antas ng pakikilahok at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Bukod dito, natuklasan din na ang paggamit ng Digital Storytelling Method ay nagbukas ng mas maraming pagkakataon para sa kolaborasyon at malikhaing pagpapahayag ng mga mag-aaral. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ng pag-aaral ang mas malawak na paggamit ng Digital Storytelling Method sa pagtuturo ng mga klasikal na akdang pampanitikan sa mga paaralan.

Susing salita: Pamamaraang digital na pagkukuwento, El Filibusterismo, pagtuturo ng panitikan.

PANIMULA

Ang pag-aaral ng Panitikan, partikular na ang mga klasikong akda ng panitikang Pilipino tulad ng mga likha ni Dr. Jose Rizal, ay may malaking papel sa pagpapaunlad ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura at lipunan. Isa sa mga halimbawa ng ganitong klasikong akda ay ang El Filibusterismo, isa sa mga pinakamahahalagang nobela na isinulat ni Dr. Jose Rizal. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa El Filibusterismo, nagiging daan ito upang mas lalong maunawaan at masuri ang mga suliraning panlipunan at pulitikal na hinaharap ng bansa noong panahon ng kolonyalismong Espanyol.

Ayon sa teorya ni Ocampo (2019), isa sa mga pamosong historian ng Pilipinas, ang mga akda ni Dr. Jose Rizal, kabilang ang El Filibusterismo, ay dapat suriin at unawain sa konteksto ng kanyang buhay at ng panahon ng kolonyalismo ang kahalagahan ng pagtingin sa mga personal na karanasan at konteksto ng may-akda upang maunawaan ang kanyang motibasyon at layunin sa pagsusulat. Binigyang pansin ni Reyes (2019), ay patuloy na naglalayong magbigay ng malalim na pag-unawa sa mga panlipunang at politikal na aspeto ng mga akda ni Dr. Jose Rizal, kabilang na ang El Filibusterismo. Sa pamamagitan ng kanyang mga pananaliksik at pagsusuri, hinahamon ni Reyes ang mga Pilipino na suriin ang konteksto ng panahon ng kolonyalismo at ang implikasyon nito sa lipunan, upang maunawaan ang mga mensahe at layunin ng mga obra ni Dr. Jose Rizal sa modernong panahon.

Ang pagtuturo ng El Filibusterismo sa Baitang 10 ay isang kritikal na hakbang sa kanilang pag-unlad at edukasyon. Sa pamamagitan ng pagtuturo, maaaring matukoy ang antas ng pang-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-unawa sa mga masalimuot na tema, karakter, at mensahe ng nobelang ito. Ang ganitong pagpapalakas sa kanilang kaalaman ay naglalayong magbigay-daan sa kanilang mas malalim na pagunawa. Bukod dito,

ang proseso ng pagtuturo ay nagpapalawak din ng kanilang kasanayan sa pagsusulat, pagsasalita, at pag-analisa, na nagiging pundasyon ng kanilang tagumpay sa mga susunod na yugto ng kanilang pag-aaral at sa kanilang hinaharap na propesyon sa buhay. Sa ganitong paraan, ang pagtuturo ng El Filibusterismo sa Baitang 10 ay nagbubukas ng mga pintuan patungo sa mas mataas na antas ng kaalaman at pag-unlad ng mga mag-aaral.

Ang mga karanasan ng mga mananaliksik sa pagsagawa ng pagtuturo ng El Filibusterismo sa Baitang 10 ay puno ng pagsubok at pagpapalalim ng kaalaman. Sa prosesong ito, ang mananaliksik ay naglalaan ng oras upang bumuo ng maayos na pananaliksik, kumuha ng mga datos, at sumulat ng interpretasyon batay sa mga natuklasan. Sa kabuuan, ito ay isang pagkakataon upang mag bigay kontribusyon sa pag-unlad ng edukasyon at pag-aaral, at sa pagtataguyod ng mas mataas na antas ng kaalaman at pag-unawa sa panitikang Pilipino.

Ang pag-aaral ng mga klasikong akda tulad ng El Filibusterismo ay mahalaga sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagbasa, pag-unawa, at pag-aanalisa ng mga teksto. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng El Filibusterismo sa kaalaman ng mga mag-aaral, maaaring matukoy ang kanilang mga kahinaan at mga aspeto na kailangang paunlarin. Ang mga natuklasan mula sa pananaliksik na ito ay magiging basehan para sa pagpaplano ng mga estratehiya sa pagtuturo ng El Filibusterismo. Maaaring magkaroon ng mga rekomendasyon para sa mga guro upang mapabuti ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo at mapalalim pa ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa nobelang ito. Bukod dito, ang pag-aaral na ito ay naglalayong magbigay ng karagdagang impormasyon at datos na maaaring magamit sa pagsasaayos ng kurikulum sa asignaturang Filipino.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-unawa sa El Filibusterismo ay hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman sa panitikan, kundi nagbibigay rin ng kamalayan sa mga isyung panlipunan at pangkasaysayan. Sa kabuuan, ang rasyonal ng pag-aaral na ito ay naglalayong magdulot ng malalim na pagkaunawa at pagpapahalaga sa El Filibusterismo sa mga mag-aaral ng Baitang 10 ng Jugan National High School. Ito ay naglalayong maghatid ng mga rekomendasyon at suhestiyon upang mapabuti ang pagtuturo at pag-unlad ng asignaturang Filipino, pati na rin ang pagpapalawak ng kritikal na pag-iisip at pagkaunawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan.

Bilang paglalahat, nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng El Filibusterismo upang matulungan ang sarili na maging mapanuri at mapagbatid sa mga binabasa ng makataan ng pagpapalalim ng isipan patungo sa mga panibagong kaisipan at kakayahan sa pag-uunawa ng mga akdang pampanitikan.

METODOLOHIYA

Ipinapalagay sa pag-aaral na ito na ang One Group Pretest Posttest Design ay naglalayong bigyang katwiran ang kasalukuyang sitwasyon o kalagayan ng isang partikular na grupo o paksa. Sa kasong ito, layunin nitong ipakita ang antas ng intelektwal na kaalaman ng mga mag-aaral sa El Filibusterismo. Sa pamamagitan ng paggamit ng disenyong ito, naipapakita ng mananaliksik ang pangkalahatang larawan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa nasabing nobela, kung saan ang parehong grupo ng mga respondente ay sasailalim sa pagsusuri bago at pagkatapos ng interbensyon upang matukoy ang antas ng kanilang pag-unawa.

Ang mga respondente ng pag-aaral ay binubuo ng limampu (50) mag-aaral na nagmula sa Baitang 10 ng Jugan National High School, partikular na sa seksyon Wisdom. Ginamit ng

mananaliksik ang purposive sampling bilang batayan sa pagpili ng mga respondente, kung saan sinadya ang pagpili ng mga mag-aaral mula sa nasabing baitang at seksyon upang matiyak na sila ay angkop at may sapat na kaugnayan sa layunin ng pag-aaral. Ang mga limampung mag-aaral na ito ang bumuo sa kabuuang populasyon at sample ng pananaliksik, at sila ang naging pangunahing pinagmulan ng datos hinggil sa antas ng kaalaman sa El Filibusterismo.

Bilang pangunahing kasangkapan sa pangangalap ng datos, gumamit ang mananaliksik ng talatanungan na binubuo ng dalawampu (20) na mga katanungan. Ang talatanungang ito ay ipinasagot sa mga respondente upang malaman ang saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Digital Storytelling Method. Inihanda ng mga mananaliksik ang mga tanong na inaasahang makakasagot at makakapagbigay ng resulta na makabuluhan sa isinasagawang pananaliksik. Ang sarbey na talatanungan ay nahahati sa dalawang pangkat, ang una ay tungkol sa profile ng respondente at ang ikalawa ay binubuo ng mga tanong na ukol sa paksang pinag-aaralan. Sa pamamagitan ng sarbey na ito, nabigyan ng iba't ibang persepsyon ang mga mananaliksik at ang mga mambabasa hinggil sa maaaring maging epekto sa mga respondente ng paggamit ng Digital Storytelling Method.

Sa pagsasagawa ng pangangalap ng datos, sinunod ng mga mananaliksik ang sumusunod na pamamaraan. Una, humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa punong-guro o kawaksi ng punong-guro ng Jugan National High School, na siyang pinagtutuunan ng pag-aaral, upang payagan ang mga mag-aaral sa Baitang 10 seksyon Wisdom na maging respondente ng pag-aaral. Pagkatapos makuha ang naturang pahintulot, ibinigay ng mananaliksik ang talatanungan sa mga mag-aaral na respondente, kung saan gumawa ang mga mananaliksik ng talatanungang pinagtalaan ng mga datos na kanilang nalikom. Kasunod nito, binigyan ang mga mag-aaral ng handouts para sa panghuling pagganap ng mga respondente gamit ang estratehiyang Digital Storytelling. Matapos masagutan ng mga respondente ang mga ito, kinuha naman ng mananaliksik ang mga talatanungan mula sa panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral. Panghuli, iwinasto ng mananaliksik ang mga sagot ng mga respondenteng mag-aaral at itinala ang mga nakuhang marka ng mga mag-aaral gamit ang Excel file. Sa yugtong ito, sinuri at binigyan ng interpretasyon ang mga nakuhang datos gamit ang statistical tool, upang matiyak na ang mga resulta ng pag-aaral ay maayos na naipakita at nabigyang-kahulugan alinsunod sa layunin ng pananaliksik.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ang bahaging ito ay naglalarawan ng pagtatalakay, pag-aanalisa at pag-iisa-isa sa mga datos na nalikom. Binigyan ng pagpapakahulugan ang nalikom na impormasyon upang mabigyang kasagutan ang mga tiyak na suliranin.

Ang bahaging ito ay naglalahad sa kwantitabong resulta kaugnay sa mga katanungan sa pag-aaral na ito: ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang kumbensyunal na paraan ng pagtuturo ng El Filibusterismo; antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap batay sa mga tinukoy na pamantayan gamit ang Digital Storytelling Method sa pagtuturo; makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos ng pauna at panghuling pagganap; at ang naging saloobin ng mga mag-aaral na respondente sa paggamit ng Digital Storytelling Method bilang estratehiya sa pagtuturo ng El Filibusterismo.

PANTAO
(International Journal of the Humanities and Social Sciences)
Volume 5, Issue 3
ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

Talahanayan 1
Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang Kumbensyunal na Paraan ng Pagtuturo ng El Filibusterismo

Pamantayan	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
Pag-unawa sa teksto	1.62	1.26	Walang Kahusayan
Pagsusuri	1.72	1.38	Walang Kahusayan
Pagkakaroon ng malalim na pag-unawa	1.96	1.39	Kulang sa Kahusayan

Legenda:1.00-1.80-Kailangan Pang Paghusayan;1.81-2.60-Papaunlad;2.61-3.40-Medyo Katamtaman;3.41-4.20Mahusay; 4.21-5.00-Napakahusay

Mahalaga sa pag-aaral na ito ang pagtasa sa paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral upang matukoy ang antas ng kanilang kasanayan gamit ang kumbensyunal na paraan na pagtuturo upang matukoy kung saan dapat bigyang pansin ang kulang ng mga mag-aaral at tasahin ng maayos sa pamamaraang pagtuturo at pagpapalawig ng metodong Digital Storytelling Method sa pagbasa ng El Filibusterismo.

Makikita sa talahanayan 1 na mula sa limangpu (50) na mga respondente, ito ang mga datos na nakalap ng mga mananaliksik. Sila ay nakakuha ng mababa na puntos. Ang gamit ng mean ay upang malaman kung ano ang sentro ng datos. Ang standard deviation naman ay para malaman kung gaano ka eksakto ang datos na nakalap, kung gaano kadikit ang mga scores.

Sa unang tanong kung naiintindihan ba nila ang teksto, ang mean ay 1.62 na may standard deviation na 1.26. May labing siyam (19) na nakakuha ng 1 puntos, tatlongpu't isa (31) na nakakuha ng 2 puntos. Walang nakakuha ng perfect score na 5 at ito ay nabibilang sa walang kahusayan. Ang standard deviation na 1.26 ay nagpapakita na kalat ang mga scores, malayo sila sa mean. Sa pagsusuri naman ang mean ay 1.72 standard deviation 1.38 may dalawampu (20) ang nakakuha ng 1 puntos, dalawampu't apat (24) naman ang nakakuha 2 puntos at anim naman ang nakakuha ng tatlong puntos, walang nakakuha ng perfect score na 5 ito ay nabibilang sa kulang sa kahusayan, Pagkakaroon ng malalim na pag-unawa, may labing lima (15) ang nakakuha ng 1 puntos, dalawampu't isa (21) din ang nakakuha ng 2 puntos at labing apat (14) ang nakakuha ng 3 puntos ito ay nabibilang sa hindi gaanong mahusay. Ipinalulutang ng datos na ang kabuoang pagganap ng mga mag-aaral sa unang katanungan, pangalawa at panghuli ay nasa antas ng katamtamang pagkatuto.

Bilang implikasyon ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsusuri sa pagkamakatotohanan ng mga pangyayari batay sa sariling karanasan ay nasa Mababa ang pagkatuto at katamtamang pagkatuto. Sa kabilangbanda, nakaaagaw-pansin ang bilang ng mga respondente na nakakuha ng mababang pagkatuto at katamtamang. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay nalilituhan sa pagsusuri sa pagkamatotohanan ng mga pangyayari batay sa kanilang sariling karanasan kung kaya nangangailan sila ng ibayong pagsasanay. Sa ganitong paraan, malilinang silang mailapat ang mga konseptong nasa teksto sa kanilang aktuwal na pamumuhay.

Binanggit ni Dewey (2020) na ang kumbensyunal na pagtuturo ay madalas nakabatay sa pasibong pagkatuto, kung saan ang guro ang pangunahing tagapagbigay ng impormasyon at ang mga mag-aaral ay simpleng tagatanggap ng kaalaman. At ito din ay isang modelong nagtataguyod ng isang hindi pantay na relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, na maaaring humadlang sa aktibong pakikilahok at kritikal na pag-iisip ng mga estudyante. Sa kanyang mga

gawa tulad ng "Democracy and Education," hinikayat ni Dewey ang progresibong edukasyon na nagbibigay-diin sa karanasan, pakikilahok, at kolaborasyon sa proseso ng pagkatuto, kung saan ang mga magaaral ay aktibong kasangkot sa kanilang sariling edukasyon.

Sa pangkalahatan, ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral gamit ang tradisyunal na pagtuturo ay nasa katamtamang antas ng pagkatuto. Gayunpaman, kapansin-pansin ang dami ng bilang ng nakakuhang mababang pagkatuto na maaaring dulot ng kalituhan sa paglalapat ng mga mag-aaral sa mga konsepto tungo sa konteksto nito ayon sa aktuwal na karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto sa nobelang El Filibusterismo na isinulat ni Dr. Jose Rizal at ito ay nangangailangan ng masusing pagsusuri at pag-unawa upang makabuo ng mas epektibong pamamaraan ng pagtuturo. Upang mapabuti ang antas ng pagkatuto, maaaring isaalang-alang ang paggamit ng mas makabagong pamamaraan ng pagtuturo tulad ng paggamit ng mga multimedia resources, interaktibong diskusyon, at mga pagsasanay na naglalayong mailapat ng mga mag-aaral ang kanilang natutunan sa tunay na buhay. Sa ganitong paraan mas magiging makabuluhan ang kanilang pagunawa sa nobelang El Filibusterismo.

Talahanayan 2
Antas ng Kasanayan ng mga Respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap gamit ang Digital Storytelling Method sa Pagtuturo ng El Filibusterismo

Pamantayan	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon
Pag-unawa sa teksto	4.60	2.12	Napakahusay
Pagsusuri	4.70	2.15	Napakahusay
Pagkakaroon ng malalim na pag-unawa	4.30	2.05	Mahusay

Ipinapakita sa talahanayan 2 na mula sa 50 na mga respondente, ito ang datos na nakalap ng mga mananaliksik. Sila ay nakakuha ng mga matataas na marka at mayroon ding mababa na puntos.

Sa unang tanong kung naiintindihan ba nila ang teksto, ang mean ay 4.6 na may standard deviation na 2.12. Mayrong dalawampu (20) ang nakakuha ng 4 puntos, tatlumpu (30) ang nakakuha ng 5 puntos, at marami ang nakakuha ng kasiya-siyang marka na 5 at ito ay nabibilang sa napakahusay. Sa pagsusuri naman ang mean ay 4.7, standard deviation 2.15 na may labinlima (15) ang nakakuha ng 4 puntos, tatlumpu't lima (35) naman ang nakakuha ng 5 puntos, sa Pagkakaroon ng malalim na pag-unawa ang mean ay 4.3 at ang standard deviation ay 2.05 may tatlumpu"t lima (35) ang nakakuha ng 4 na puntos, labinlima (15) din ang nakakuha ng 5 puntos at ito ay nabibilang sa Mahusay na pamantayan.

Isinaad ni Cruz (2020) na ang paggamit ng Digital Storytelling Method bilang isang estratehiya sa pagtuturo ng El Filibusterismo ay makakatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga estudyante sa mga tema, karakter, at konteksto ng nobela. Sa pamamagitan ng Digital Storytelling Method, nagkakaroon ng mas interaktibo at

makabagong paraan ng pagtalakay sa mga aral na nais iparating ni Dr. Jose Rizal. Ang mga mag-aaral ay hindi lamang nagiging passive na tagatanggap ng impormasyon kundi aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto. Sa paggamit ng iba't ibang media tulad ng video, audio, at mga graphic, nagiging mas buhay at mas madaling maunawaan ang mga kumplikadong bahagi ng nobela, na nagreresulta sa mas mataas na antas ng motibasyon at interes sa pag-aaral. Ipinahiwating sa pag-aaral na ito na ang paggamit ng estratehiyang Digital Storytelling sa pahuling pagganap ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pakikilahok ng mga estudyante at pagpapakita ng kanilang pag-unawa sa mga aral ng El Filibusterismo. Ang

ISSN 3028-0877 | e-ISSN 3155-6043 | DOI 10.69651/2022PIJHSS

mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataon na ipakita ang kanilang pagkamalikhain at kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng paggawa ng mga digital na proyekto na nagsusuri sa mga tema, karakter, at pangyayari sa nobela.

Bilang implikasyon sa bahaging ito ang paunang pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagkakaroon ng malalim na pag-unawa sa teksto. Ang pagkakaroon ng malalim na pag-unawa sa teksto ay nagpapahiwatig ng kanilang kakayahan na maunawaan ang mga detalye, konsepto, at mensahe na ibinabahagi ng teksto. Ang malalim na pag-unawa sa teksto ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na magkaroon ng mas malawak na kaalaman at maipakita ang kanilang kritikal na pag-iisip sa pag-aaral ng mga akdang pampanitikan na pwedeng magamit ang at maisabuhay ang mga pangyayari. Ang pag-aaral na ito ay magbibigay ng mas malalim na pag-iisip sa pagbabasa ng mga teksto at mga akdang pampanitikan.

Bilang panglalahat, ang panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsagot sa tatlong katanungan na nakalagay sa teksto gamit ang estratehiyang Digital Storytelling Method ay tumaas ng nasa antas ng patungo sa pagkatuto at malapit sa tinatayang pagkatuto. Pinapatunayan nito na ang paggamit ng Estratehiyang Digital Storytelling Method sa pagtuturo ay nakapagpapabuti sa kasanayan sa pag-unawa ng mga respondanteng mag-aaral.

Talahanayan 3
Pagkakaiba sa Performans ng mga Respondenteng Mag-aaral pagkatapos ng pang-una at panghuling pagganap

Pamantayan	p-value	Interpretasyon
Pag-unawa sa teksto	<0.001	Significant
Pagsusuri	<0.001	Significant
Pagkakaroon ng malalim na pagunawa	<0.005	Significant

Inilalahad sa talahanayan 5 ang pagtukoy sa makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos ng pauna at panghuling pagganap. Mahalaga ito sa pag-aaral upang masuri ang antas ng performans ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghahambing sa kanilang iskor sa pauna at panghuling pagganap.

Batay sa mga datos na ito, ang pauna at panghuli ng limampung (50) mga respondenteng mag-aaral sa ikasampung baitang ng Jugan National High School ay nagpapakita na may makabuluhang pagkakaiba sa performans sa pauna at panghuling pagganap ng mga respondente.

Ito ay batay sa resulta ng pauna at panghuli na ibinahagi ng mananaliksik. Makikitang nagkaroon ng mas mataas na marka ang mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang Digital Storytelling Method sa pagtuturo ng El Filibusterismo kaysa paggamit ng kumbensyunal na paraan ng pag-unawa sa pampanitikang nobela na ito.

Isinaad ni Cruz (2020) na ang paggamit ng Digital Storytelling Method bilang isang estratehiya sa pagtuturo ng El Filibusterismo ay makakatulong sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga estudyante sa mga tema, karakter, at konteksto ng nobela. Sa pamamagitan ng Digital Storytelling Method, nagkakaroon ng mas interaktibo at makabagong paraan ng pagtalakay sa mga aral na nais iparating ni Dr. Jose Rizal. Ang mga mag-aaral ay hindi lamang nagiging passive na tagatanggap ng impormasyon kundi aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto. Sa paggamit ng iba't ibang media tulad ng video, audio, at mga graphic, nagiging mas buhay at mas madaling maunawaan ang mga kumplikadong bahagi ng nobela, na nagreresulta sa mas

mataas na antas ng motibasyon at interes sa pag-aaral. Ipinahiwating sa pag-aaral na ito na ang paggamit ng estratehiyang Digital Storytelling sa pahuling pagganap ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pakikilahok ng mga estudyante at pagpapakita ng kanilang pag-unawa sa mga aral ng El Filibusterismo. Ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng pagkakataon na ipakita ang kanilang pagkamalikhain at kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng paggawa ng mga digital na proyekto na nagsusuri sa mga tema, karakter, at pangyayari sa nobela.

Bilang panglalahat, ang panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral sa pagsagot sa tatlong katanungan na nakalagay sa teksto gamit ang estratehiyang Digital Storytelling Method ay tumaas ng nasa antas ng patungo sa pagkatuto at malapit sa tinatayang pagkatuto. Pinapatunayan nito na ang paggamit ng Estratehiyang Digital Storytelling Method sa pagtuturo ay nakapagpapabuti sa kasanayan sa pag-unawa ng mga respondanteng mag-aaral.

Talahanayan 4
Saloobin ng mga Mag-aaral Sa Paggamit dg Digital Storytelling Method bilang Estratehiya Sa Pagtuturo Ng El Filibusterismo

Kasanayan sa pagsusulat ng sanaysay	Mean	Standard Deviation	Interpretasyon	replektibong
Napapalawak ang pagsulat sa mga tinukoy na paksa gamit ang Digital Storytelling Method sa pagtuturo ng El Filibusterismo.	4.20	2.03	Lubos na Sumasangayon	
Mas nailalahad nang malinaw ang ideya ko sa pamamagitan ng pagsunod sa gabay ng Digital Storytelling Method	4.20	2.00	Lubos na Sumasangayon	
Ang mga gawaing pagganap ay naglalaman ng mga kasanayan na angkop lamang ng kanilang kaalaman.	4.50	2.10	Lubos na Sumasangayon	
Ang mga tuntunin sa Digital Storytelling Method sa pagtuturo ng El Filibusterismo ay kinapapalooban ng mga gabay upang mas mapabilis ang pagunawa ng mga respondente	4.60	2.12	Lubos na Sumasangayon	
Nagiging makabuluhan ang mga ideya at pag-oorganisa ko sa mga kaisipan gamit ang Digital Storytelling Method sa pagtuturo ng El Filibusterismo.	4.70	2.15	Lubos na Sumasangayon	
Mean Response	4.42	2.08	Lubos na Sumasang ayon	

Legenda: 1.00-1.80-Lubos na Di Sumasang-ayon; 1.81-2.60-Hindi Sumasang-ayon; 2.61-3.40Neutral/ Niyutral; 3.41-4.20-Sumasang-ayon; 4.21-5.00-Lubos na Sumasang-ayon

Ipinapakita sa 4 na lubos na sumasang-ayon ang nagging saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Digital Storytelling Method bilang estratehiya sa pagtuturo ng El Filibusterismo: kasanayan sa pagtuturo ng El Filibusterismo sa pangkalahatan.

Sa talahanayan 4, makikita na palagi ang nahinuhang epekto sa paggamit ng estratehiyang Digital Storytelling Method sa interes ng pag-unawa partikular na sa pahayag na gamit ang estratehiyang Digital Storytelling Method. Napapalawak ang kaalaman sa mga tinukoy na paksa gamit ang Digital Storytelling Method (mean=4.2, sd= 2.00). May sampu (10) ang nakakuha ng 3 puntos at dalawpu (20) ang nakakuha ng 4 na puntos at dalawampu ang nakakuha ng 5 na puntos at mahusay rin sa pahayag na Mas nailalahad nang malinaw ang ideya ko sa pamamagitan ng pagsunod sa gabay ng Digital Storytelling Method (mean=4.1, sd=2.00). May labing lima ang nakakuha ng 3 puntos at labing lima ang nakakuha na 4 na puntos at dalawampu (20) ang nakakuha ng limang puntos. Samantala mahusay naman ang tugon ng mga respondenteng mag-aaral sa pahayag na, Ang mga tuntunin sa Digital Storytelling Method ay kinapapalooban ng mga gabay upang mas mapabilis ang pagtuturo ng El Filibusterismo. (mean= 4.5, sd=2.1). May dalawampu't lima (25) ang nakakuha ng 4 na puntos at dalawampu't lima (25) ang nakakuha ng 5 puntos at mahusay naman ang Ang mga gawaing pagganap ay naglalaman ng mga kasanayan na angkop lamang sa pagtuturo gamit ang Digital Storytelling Method. (mean=4.6, sd=2.12),

May dalawampu (20) ang nakakuha ng 4 puntos at tatlungpu (30) ang nakakuha ng 5 na puntos at napakamahusay din ang nagiging makabuluhan ang mga ideya at pag-oorganisa ko sa mga kaisipan gamit ang Digital Storytelling Method. (mean= 4.7, sd=2.15). May labing lima (15) ang nakakuha ng 4 na puntos at tatlungpu't lima (35) ang nakakuha ng 5 puntos.

Masusuri rin sa datos na ang mga respondenteng mag-aaral ay mahusay na nagkakaroon ng mataas na antas ng pag-unawa sa mga paksang tinatalakay gamit ang Digital Storytelling Method, na nagpapakita ng kahusayan sa pagsasagawa ng mga gawaing pagganap at pag-oorganisa ng mga ideya.

Bukod dito, makikita na Napakahusay ng mga mag-aaral dahil sila ay ginaganahang manood o makinig ng mga nobela, ang mga respondente gamit ang estratehiyang Digital Storytelling Method. Palagi silang interesado, lalo na sa mga ilustrasyong nakapaloob. Dagdag pa, madalas na nakasasagot ang mga respondenteng mag-aaral sa tamang oras gamit ang estratehiyang Digital Storytelling Method Ipinapakahulugan lamang nito na ang Estratehiyang Digital Storytelling Method ay epektibo sa paghihikayat ng interes at pagganap ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin.

Natuklasan sa pag-aaral ni Robin (2008), na ang estratehiyang Digital Storytelling Method ay nagbigay-daan sa mga mag-aaral upang maging aktibo at makilahok sa kanilang pag-aaral. Naninindigan din siya na nakatutulong ang paggamit ng estratehiyang ito upang baguhin ang mga negatibong pananaw ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga klasikal na literatura.

Bilang implikasyon sa mga resultang ito, natuklasan ng mananaliksik na naging maganda ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Digital Storytelling Method sa pagtuturo ng replektibong sanaysay sa mga magaaral na respondente. Sa katunayan, lubos na sumasang-ayon ang lumabas na interpretasyon sa mga datos na nakalap sa lahat ng mga aytem na nagtatasa sa kanilang saloobin ukol sa kasanayan sa pagsulat ng replektibong sanaysay batay sa datos na nakapaloob sa talahanayang ito.

Sa kabuoan, ang epekto gamit ng estratehiyang Digital Storytelling Method sa pagganap ng mga respondente sa pag-unawa ng mga aralin ay nagpapataas sa kanilang interes sa pag-aaral. Karamihan sa mga respondanteng mag-aaral ay naging interesado sa pagsusuri, madalas na nakapagpapahayag ng kanilang mga pananaw sa tamang oras, at nakatulong ang mga digital na elemento sa kanilang interes at pagkaunawa sa mga paksa. Ang paggamit ng multimedia tools at paglikha ng digital na kuwento ay nagbigay ng karagdagang dimensyon sa kanilang pagaaral, nagbigay ng iba't ibang paraan upang maunawaan ang mga konsepto at mensahe ng mga aralin, at nagtulak sa kanila na aktibong makilahok sa proseso ng pagkatuto. Bukod dito, ang pagkakaroon ng personal na koneksyon sa mga karakter at pangyayari sa pamamagitan ng digital storytelling ay nag-udyok sa kanila na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga ito, na nagresulta sa pagtaas ng kanilang interes at pagtitiwala sa kanilang kakayahan sa pag-aaral. Ang pagkakaroon ng personal na koneksyon sa mga karakter at pangyayari sa pamamagitan ng digital storytelling ay nag-udyok sa kanila na magkaroon ng mas malalim na pagunawa at pagpapahalaga sa mga ito. Bukod dito, ang paggamit ng multimedia tools at paglikha ng digital na kuwento ay nagbigay ng karagdagang dimensyon sa kanilang pag-aaral, nagbigay ng iba't ibang paraan upang maunawaan ang mga konsepto at mensahe ng mga aralin.

KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito, napagtibay na ang estratehiyang Digital Storytelling Method sa pagtuturo ay makabuluhang nakatutulong sa pagpapahusay at paglinang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa El Filibusterismo, partikular na sa antas ng Baitang 10. Naipakita ng mga resulta na sa pamamagitan ng nasabing estratehiya, mas napataas ang interes ng pagkatuto ng mga respondenteng mag-aaral, na nagpapahiwatig ng epektibong pagpapahayag ng kahalagahan at mga kaisipang taglay ng nobelang ito. Ito rin ay nagpatunay na ang Digital Storytelling Method ay isang mabisang estratehiya hindi lamang sa pagpapataas ng interes kundi maging sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan tulad ng El Filibusterismo, sapagkat naglalayon itong mapabuti ang kasanayan sa pag-unawa, pagpapahalaga, at pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga konsepto at aral na taglay ng nobela.

Bukod dito, natuklasan din na ang estratehiyang Digital Storytelling Method ay nakatutulong sa paghahasa ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, lalo na sa pagbuo ng repleksibong sanaysay. Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mas malaking interes sa pagsulat ng sanaysay at napanatili ang kanilang kawilihan sa pagsusulat ng repleksibong sanaysay sa buong proseso ng pag-aaral. Sa kabuuan, napatunayan na ang estratehiyang ito ay epektibong magamit bilang paraan ng pagtuturo ng pagsulat, sapagkat ito ay nakapupukaw ng interes at nakalilinang nang lalo pa sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasanib ng teknolohiya at pagkukuwento, napatunayang ang pag-aaral ng panitikang Pilipino, tulad ng El Filibusterismo, ay nagiging mas nakaeengganyo, may kabuluhan, at makahulugan para sa mga mag-aaral, kung kaya't maituturing itong makabuluhang kontribusyon sa larangan ng pagtuturo ng panitikan.

Kaugnay ng mga natuklasang ito, iminumungkahi ng mananaliksik ang ilang hakbang na maaaring isaalang-alang upang higit pang mapaunlad ang pagtuturo ng panitikan at pagsulat sa hinaharap. Una, kinakailangang gumamit ang mga guro ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng repleksibong sanaysay sa mga mag-aaral, kung saan maaari pang palawakin ang kaalaman sa pamamagitan ng pangangalap ng mga estratehiyang naaangkop sa antas na tinuturuan. Pangalawa, iminumungkahi rin ang paggamit ng estratehiyang Information Mapping Method sa pagtuturo ng pagsulat, lalo na ng repleksibong sanaysay, sapagkat ito ay nakatutulong sa pagdedebelop ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Pangatlo, mas

mainam gamitin ang estratehiyang Digital Storytelling Method kaysa sa kumbensyunal na paraan ng pagtuturo ng pagsulat, yamang mas mataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng estratehiyang ito. Panghuli, iminumungkahing gamitin ang nabuong awtput ng pag-aaral na ito bilang gabay ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng repleksibong sanaysay sa mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, iminumungkahi ng mananaliksik na magsagawa ng karagdagang pag-aaral na gagamit ng estratehiyang Digital Storytelling Method bilang pamamaraan ng pagtuturo upang higit pang mapalalim ang pag-unawa at intelektwal na kaalaman ng mga mag-aaral. Iminumungkahi rin ang paggamit ng estratehiyang ito kasabay ng integrasyon ng nakabagong teknolohiya sa pagtuturo upang lalo pang matamo ang nais na mga kasanayan. Hinihimok din ang mga mag-aaral na gamitin ang estratehiyang Digital Storytelling Method sa pagsusuri upang matukoy ang kanilang antas ng kaalaman sa panitikang El Filibusterismo. Bukod dito, iminumungkahi na ipagpatuloy ang paggamit ng estratehiyang ito sapagkat ito ay makatutulong sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral sa El Filibusterismo, na sa huli ay nagreresulta sa mas epektibong pagtuturo at pag-aaral ng nobela. Sa wakas, iminumungkahi na mas mabuting gamitin ang kagamitang pampagtuturong nabuo sa pamamagitan ng estratehiyang Digital Storytelling Method bilang karagdagang estratehiya sa pagtuturo ng panitikang El Filibusterismo, upang lalo pang mapatibay ang epekto nito sa pagpapaunlad ng kasanayan at kaalaman ng mga mag-aaral.

TALASANGGUNIAN

Alrutz M. Sites of possibility: applied theatre and digital storytelling with youth. RiDE J Appl Theatre Perform. 2013;18(1):44–57.

Boydell KM, Gladstone BM, Stasi Ulis E, Cheng C, Nadin S. Co-producing narratives on access to care in rural communities: using digital storytelling to foster social inclusion of young people experiencing psychosis. Stud Soc Justice. 2016;10(2).

Burgess J. Hearing ordinary voices: cultural studies, vernacular creativity and digital storytelling. J Media Cult Stud. 2006;20(2):201–14.

Burgess J, Klaebe H, McWilliam K. Mediatisation and institutions of public memory: digital storytelling and the apology. Aust Hist Stud. 2010; 41:149–65.

Drew S, Guillemin M. From photographs to findings: visual meaning-making and interpretive engagement in the analysis of participant-generated images. Vis Stud. 2014;29(1):54–67.

Dush L. The ethical complexities of sponsored digital storytelling. Int J Cult Stud. 2012;16(6):627–40.

Ferrari M, Rice C, McKenzie K. ACE pathways project: therapeutic catharsis in digital storytelling. Psychiatr Serv. 2015;66(5):556.

Fulwiller M, Middleton K. After digital storytelling: video composing in the new media age. Comput Compos. 2012; 29:39–50.

Gubrium AC, Hill AL, Flicker S. A situated practice of ethics for participatory visual and digital methods in public health research and practice: a focus on digital storytelling. Am J Public Health. 2013;104(9):1606–14.

Guillemin M. Understanding illness: drawings as a research method. Qual Health Res. 2004; 14:272–89.

Huang, Qian (2009). Background Knowledge and Reading Teaching Volume: 5(2009): pages 138-139. Karami, Hossein. "READING STRATEGIES: WHAT ARE THEY?" (2008)

Lal S, Donnelly C, Shin J. Digital storytelling: an innovative tool for practice, education, and research. Occupat Therapy Health Care. 2015;29(1):54–62.

Matthews N, Sunderland N. Digital life-story narratives as data for policy makers and practitioners: thinking through methodologies for large-scale multimedia qualitative datasets. J Broadcast Elect Media. 2013;57(1):97–114.

Mazzei LA. An impossibly full voice. In: Mazzei LA, Jackson AY, editors. Voice in qualitative inquiry: challenging conventional, interpretive, and critical conceptions in qualitative research. London: Routledge; 2009. p. 45–62.

Mazzei LA, Jackson AY. Voice in qualitative inquiry: challenging conventional, interpretive, and critical conceptions in qualitative research. London: Routledge; 2009.

Patton MQ. Qualitative methods & evaluation methods: integrating theory and practice. Sage Publishing; 2015. Stacey G, Hardy P. Challenging the shock of reality through digital storytelling. Nurse Educ Pract. 2011; 11:159– 64.

Stenhouse R, Tait J, Hardy P, Sumner T. Dangling conversations: reflection on the process of creating digital stories during a workshop with people with early-stage dementia. J Psychiatry Ment Health Nurs. 2013; 20:134–41.

Wales P. Telling tales in and out of school: youth performativity with digital storytelling. RiDE J Appl Theatre Perform. 2012;17(4):535–52.

Willox AC, Harper SL, Edge VL. Storytelling in a digital age: digital storytelling as an emerging narrative method for preserving and promoting indigenous oral wisdom. Qual Res. 2012;13(2):127–47.

Worcester L. Reframing digital storytelling as co-creative. IDS Bull. 2012;43(5):91–7.

Yates L. The story they want to tell, and the visual story as evidence: young people, research authority and research purposes in the education and health domains. Vis Stud. 2010;25(3):280–91.